



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Pag-Intindi Sa Kapwa Ay Tanda Ng Pagiging Sibilisado



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Inihanda ni: Muhammad Chehmat, PhD
Syllabus development supervisor

Ang pag-intindi sa kapwa at pagkakaroon ng bukas na kaisipan ay isang pag-uugali sa loob ng komunidad na sumasalamin sa kabihasan at pagiging sibilisado nito. Lahat ng mga sugo ng Allah ay katotohanang naghikayat sa mga tao na ito ay pahalagahan. Sapagkat ang pag-intindi sa kapwa ay mahalagang sangkap ng pagkakaisa at mabuting ugnayan ng mga mamamayan na gumagarantiya ng kapayapaan, katatagan at pagkakaintindihan maging magkakaiba man ang kanilang mga lipi.

Ang pag-intindi sa kapwa ay ang kabaitan at kahinahunan ng pakikitungo na malayo sa pagmamalupit at kabagsikan.

Katotohanang ang relihiyong Islam ay naghihikayat tungo sa pag-intindi sa kapwa at itinuturing ito bilang saligan at panuntunan ng kabihasan at mabuting pag-uugali. Itinataas nito ang antas ng pagkatao ng isang nilalang sa pamamagitan ng paggalang sa kultura, pananaw, paniniwala, prinsipyo ng iba, at paghikayat sa sarili tungo sa paggawa ng kabutihan, mabuting kaisipan at mabuting pananalita. Lahat ng ito ay naglalayong makamtan ang pinakamabuting pamumuhay kasama ng lahat ng mamamayan sa loob ng lipunan.

Ang pag-intindi at pagpapaumanhin sa kapwa ay mariing pinahalagahan sa banal na Koran, sinabi ng Allah: [ngunit patawarin sila at magbigay paumanhin: katotohanan, minamahal ng Allah ang silang mga gumagawa ng kabutihan.]¹ Ang talatang ito ay nagpapaliwanag sa kaparaanan ng mabuting pakikitungo sa kapwa, gayundin ang pag-intindi at pagpapaumanhin sa kanilang mga pagkakamali. Sinabi ng Allah: [kaya't ipagpaumanhin mo ng kanilang mga kamalian na may magiliw na pagpapatawad.]² Sinabi ng Allah: [Kaya tumalikod ka mula sa kanila [O' Muhammad] at sabihin: "mapasainyo nawa ang kapayapaan!]"³ Sinabi ng Allah: [Kaya't magpaumanhin at magpatawad...]⁴

Lahat ng mga talatang nabanggit ay nagbigay-halaga sa pag-intindi sa kapwa, pagpapatawad at pagdadalisay sa puso. Katotohanang ito ay larawan ng mataas na antas ng mabuting pag-uugali.

Isa sa pinakamalaking halimbawa ng katuruan ng Islam tungkol sa pag-intindi sa kapwa ay ang paghikayat nito tungo sa pantay-pantay na paniniwala sa lahat ng mga propeta at mensahero ng Allah, sapagkat lahat sila ay nagdala ng iisang mensahe. Sinabi ng Allah: [Lahat sila (mga propeta) ay naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, at sa Kanyang mga Mensahero.(Sila ay nagsasabi), "Wala kaming ginagawang pagtatangi sa gitna ng bawat isa sa Kanyang mga Mensahero...]"⁵

1. سورة المائدة، الآية: 13 .
2. سورة الحجر، الآية: 85 .
3. سورة الزخرف، الآية: 89 .
4. سورة النور، الآية: 22 .
5. سورة البقرة، الآية: 285 .

Malinaw na masisilayan sa Sunnah o tradisyon ng Propeta Muhammad(saws) ang kanyang pag-intindi at pagpapaumanhin sa mga taong nakapalibot sa kanya sa loob ng pamayanan, sa kanyang pamilya, mga kapitbahay, kasamahan, mga muslim at hindi muslim. Kabilang sa pinakatanyag na halimbawa nito ay ang kanyang pakikipag-usap at pakikipagkasundo sa silang mga hindi muslim sa paggawa ng kabutihan at pangkalahatang kapakanan ng komunidad. Habang kanyang binigyang-pansin at tuon ang kanilang mga karapatang-pantao at mabuting pakikitungo sa kanila. Isang halimbawa rito ay ang pagsalubong at pagtanggap ng Propeta Muhammad(saws) sa mga hindi muslim na nagmula pa sa Najran, at pagpapahintulot sa kanila na magdasal sa loob mismo ng kanyang masjid sa Al-Madina. Sila ay kinausap ng Sugo(saws) sa mabuti at mahinahon na pamamaraan. Ipinakita rin ng Sugo(saws) ang mabuting pagtanggap sa mga kristiyanong nagmula pa sa rehiyon ng Habasha(kasalukuyang Ethiopia). Pinakinggan niya ang kanilang mga pananalita, pinakitunguhan ng mabuti at kanyang ibinigay sa kanila ang kanilang mga karapatan.

Katotohanang ang Islam ay relihiyon ng pag-intindi at pagpapaumanhin, sa doktrina nito, sa pakikitungo sa kapwa at sa mga asal. Sa batayang ito, katiyakang ang pag-intindi sa kapwa at pagpapaumanhin ay magbubunga ng mabuting pamumuhay na magkakasama sa pagitan ng mga mamamayan at pagkakabuklud-buklod ng iba't-ibang mga lipunan tungo sa mundong namamayani ang kapayapaan, paggalang sa dignidad ng kapwa, pagpapalitan ng kaalaman at paglaganap ng kabutihang mapapakinabangan ng lahat.